

M2152

Posted on 12.10.2023 by Adam Parnell

Category: [General maritime](#)

Report Title Pagkapinsala habang nag-diving

Initial Report

Habang nagsasagawa ng recreational wreck dive off ang isang chartered dive vessel, isang diver ang natamaan ng umiikot na blade ng propeller ng dive boat. Nagtamo ito ng malalang pinsala. Ang diver ay dinala sa lokal na ospital at tinahi ang sugat nito. Hindi naman humingi pa ng tulong mula sa coastguard.

Ang wreck ay pinakainam na mag-dive habang mayroong mahinang tide sa lugar, o malapit sa slack water. Ang mga divers ay kailangan maibaba sa up-tide ng wreck upang ma-counter ang epekto ng tide habang pababa sila mula sa ibabaw papunta sa wreck.

Kapag sigurado na ang skipper na nasa tamang posisyon na sila, ang engine ay nilalagay sa neutral upang mapahinto ang pag-ikot ng propeller, at ang mga divers ay pupunta na sa tubig na magkakasama bilang grupo. Nagsasagawa ng mabilisang last-minute check bago pa man nila gawing negatively buoyant ang kanilang sarili at makaalis sa ibabaw ng tubig.

Sa dive boat, ang makina ay ilalagay lamang sa gear matapos na makumpirma na nito na ang lahat ng mga divers ay nakaalis na sa ibabaw ng tubig. Ang CCTV coverage ng blind spots sa ilalim ng hull ay nakapagbigay ng dagdag na kasiguruhan. Subalit, sa pagkakataong ito, noong naka-engage na ang forward propulsion, nabangga nito ang diver na nagtamo ng seryosong mga pinsala.

Comment

Ang epekto ng tide sa boat ay nangangahulugan na naanod na ito pabalik sa lokasyon na kung saan ang mga divers ay pumasok sa tubig. Bagama't biswal na nakumpirma na nakaalis na sila lahat sa ibabaw ng tubig, ang crew na nakasakay sa bangka ay walang paraan upang malaman na mayroon kahit isang diver na nanatili sa mababaw na parte ng tubig, na kung saan ay nabangga ito noong ang engine ay binalik na sa gear.

Ang paggamit ng Surface Marker Buoys (SMB), o ang paglalagay ng shot line para hawakan ng mga divers habang pababa ang nakapagbigay sana ng clue sa dive boat sa lokasyon ng mga divers.

Ang pinsala ay potensyal na nakamamatay, at kinontak ng CHIRP ang reporter para sa karagdagang impormasyon upang madetermina kung anong nangyari. Sa pahintulot ng reporter, kinontak din

ng CHIRP ang kaugnay na Flag at angkop na Accident Investigation Authority dahil sa kalubhaan ng insidente.

Key Issues

Situational Awareness- Napakahirap matukoy ang lalim ng diver sa sandaling umalis na ito sa ibabaw ng tubig. Hindi ito sapat na naisaalang-alang ng timon ng dive boat.

Distractions- Ang bangka ay nagmamaniobra bago ang bangka ay nakaalis mula sa diver. Maraming stimuli, commercial pressure, fatigue, wrong signal cues mula sa crew, at sobrang kumpiyansa sa saril ang sanhi nito.

Alerting- Dahil sa malubhang insidente, kinakailangan ng agarang medikal na atensyon. Hindi ito ang nangyari, ayon sa reporter. Ano ang inyong mga medical emergency plans sa parehas na mga pangyayari sa inyong kumpanya?

pressurePressure

distractionDistraction

loss_of_awarenessAwareness

poor_communicationCommunication

teamworkTeamwork



